Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagsulat ng panapos na bantas

Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na panapos na bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.

1. Nanood ka ba ng balita sa telebisyon kagabi __
2. Magsipilyo ka muna bago ka matulog __
3. Wow, napakasarap ng luto mo __
4. Nakopya mo ba ang takdang-aralin sa pisara __
5. Hoy, bawal magtapon ng basura diyan __
6. Pakisabi kay Nanay na uuwi na ako __
7. Makinig ka nang mabuti sa mga magulang mo __
8. Nakakainis talaga __
9. Naku, nakalimutan kong kunin ang sukli __
10. Paano kaya tayo makakatulong sa kanila __
11. Mahirap paniwalaan ngunit totoo ang balita __
12. Pakibigay itong papel kay Binibining Melchor __
13. Aray, nakagat ko ang dila ko __
14. Natanggap mo ba ang *text message* ko kanina __
15. Ay, nabasag ang baso __
16. Aba, hindi ako papayag __
17. Ihanda mo na ang susuutin mo bukas __
18. Nagtimpla ng kape si Tatay para kay Nanay __
19. Hala, umalis ka na dito __
20. Masama ba ang pakiramdam mo __